
**GRADE IV**
**PAG-AALAGA NG HAYOP**

## ALAMIN MO



***Pag-aralang mabuti ang mga larawan sa unahan ng Modyul, ano ang napapansin mo sa mga ito?***

***May iba pang uri ng hayop na puwedeng alagaan sa loob ng tahanan katulad ng aso, pusa at loro. Ang pusa ay tagahuli ng daga. Ang loro ay natuturuang magsalita. Nakapagbibigay ng kasiyahan at malaking tulong sa pamilya ang pag-aalaga ng hayop. Ngunit dapat malaman ang wastong pag-aalaga at mga panuntunang pangkalusugan/pangkaligtasan sa pag-aalaga ng hayop.***

***Sa Modyul na ito ay matututuhan mo ang:***

- ***Mga panuntunang pangkalusugan sa pag-aalaga ng hayop***
- ***Maipakita ang wastong pag-aalaga ng hayop na mapagkakakitaan***

## PAGBALIK-ARALAN MO

Natatandaan mo pa ba ang iyong modyul tungkol sa kahalagahan ng pag-aalaga ng hayop? Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwadernong sagutan.

1. Bakit mahalaga ang pag-aalaga ng hayop?
2. Paano nakatutulong sa kabuhayan ng mag-anak ang pag-aalaga ng hayop? Ipaliwanag.
3. Ano-anong uri ng hayop ang maaaring alagaan at pakinabangan?
4. Paano ang pag-aalagang ginagawa?
5. Ano-ano ang mga kapakinabangan sa pag-aalaga ng bawat hayop?


## PAG-ARALAN MO

A. Wastong Pag-aalaga ng Aso

Sa pag-aalaga ng aso, dapat tandaan ang mga sumusunod na hakbang.




1. Panatilihing malinis ang kulungan ng aso.



2. Dapat magkaroon ng sapat na bentilasyon ang kulungan ng aso.



3. Bigyan ang aso ng gamot na kontra bulate makalipas ang isa o dalawang linggo.




4. Bigyan ng sapat at malinis na tubig na maiinom ang alagang aso.

B. Wastong Pag-aalaga ng Kalapati


Sa pag-aalaga ng kalapati, dapat tandaan ang mga mahahalagang salik at hakbang upang magtagumpay.

Pag-aralan ang mga sumusunod na hakbang sa wastong pag-aalaga ng kalapati.


1. Ang bahay ng kalapati ay dapat na nakaangat sa lupa upang hindi mapasukan ng daga. Ito ay dapat na maluwag, mahangin, tuyo, at nasisikatan ng araw. Kung maaari, itayo ang bahay ng kalapati sa mga punong kahoy.




2. Gumawa ng pugad sa bawat isang inahin sapagkat mabilis silang mangitlog. Ang pugad ay maaaring yari sa dayami, tuyong dahon ng kugon o pinagkataman. Ang kahon ay dapat magkaroon ng taas na 72 sentimetro at lapad na 90 sentimetro.




3. Ang mga kalapati ay dapat pakainin ng palay, mais, munggo, tinapay at buto ng mirasol. Kailangan din silang bigyan ng pinaghalo-halo at dinurog na kabibi at uling na tinimplahan ng asin.



4. Pakainin sila sa pamamagitan ng pagsasaboy ng pagkain, pagpapatuka sa lupa, pagpapatuka sa palad o paglalagay ng patuka sa isang lalagyang malanday.



5. Bigyan din ng sapat at malinis na tubig na inumin. Kailangang panatilihin ang kalinisan upang hindi magkasakit at dapuan ng mga peste ang mga ibon.  Linisin ang kanilang bahay at pinagkakainan araw-araw.



C. Para sa isang kasiya-siya at mabungang paghahayupan, sundin ang mga panununtunang pangkalusugan at pangkaligtasan sa pag-aalaga ng hayop. Ito ay ang mga sumusunod.

1. Itayo ang kulungan ng hayop nang walo hanggang sampung metro mula sa bahay.

2. Lagyan ng kanal na daluyan ng tubig ang paligid ng kulungan upang mapanatiling tuyo ang lugar na kinatatayuan.

3. Bigyan ng wastong pagkain at bitamina upang maging malusog ang mga alagang hayop.

4. Bigyan ang alagang hayop ng gamot na kontra sa mga sakit.

5. Ang tirahan o kulungan ay dapat panatilihing malinis upang maligtas sa sakit at peste ang mga hayop.

6. Ilagay sa oras ang pagpapakain sa kanila.

7. Mag-ingat sa pagpapakain ng pusa. Maaari silang makakagat o makasakit.

8. Maging makatao sa paghawak at pag-aalaga ng hayop. Marunong masaktan at lumaban ang mga hayop.

9. Magsuot ng angkop na damit sa pagpapakain at paglilinis. Tiyaking laging may sapin ang paa.

10. Maglinis na mabuti ng katawan o maligo pagkatapos magpakain, magpaligo ng hayop, o maglinis ng kulungan nila.

## PAGSANAYAN MO

- Pumili ng isang uri ng hayop na maaari mong alagaan sa bahay o kaya sa likod bahay.
- Gumawa ng plano upang masimulan ang proyekto. Itala ang mga paraan sa bawat gawain, ang petsa, at ang mga paraan ng pag-aalaga sa hayop na napili.
- Itala din ang mga panuntunang pangkaligtasan at pangkalusugan na sinunod sa pag-aalaga ng napiling hayop.
- Pagkaraan ng 2 hanggang 3 buwan, mag-ulat sa klase tungkol sa proyekto. Maaaring magtakda ng oras o panahon para mabisita o madalaw ang iyong alagang hayop.

x

## TANDAAN MO

- Para sa kasiya-siya at mabungang paghahayupan, marapat na sundin ang mga pangkaligtasan at pangkalusugang gawi o panuntunan.
- Maaalagaang mabuti ang mga hayop na pinili kung magtutulong-tulong ang mag-anak. Hindi dapat magturuan kung sino ang magpapakain o maglilinis. Kailangan ay may tiyak na bahagi o tungkulin ang bawat kasapi.

## ISAPUSO MO

Sagutin nang buong katapatan ang mga sumusunod na tanong.

1. Nakita mong marumi at nangangamoy na ang kulungan ng inyong baboy sa likod-bahay. Ano ang gagawin mo? Bakit?



2. Mahal na mahal ni Mang Tasyo ang alaga niyang pusa kaya lagi niya itong pinapakain sa tamang oras, at madalas kinakausap pa niya ito. Kung ikaw ay may alagang hayop gagawin mo rin ba ang katulad ng gingagawang pag-aalaga ni Mang Tasyo? Bakit?



## GAWIN MO

Matapos mong mapag-aralan ang kahalagahan ng pag-aalaga ng hayop at ang tamang pag-aalaga, subukin namang gawin ang mga sumusunod.

- Magsaliksik sa mga aklatan at iba pang Sanggunian ng mga Karagdagang Kaalaman sa wastong pag-aalaga ng mga hayop na tinatalakay sa araling ito.

- Iguhit ang mga panuntunang pangkaligtasan at pangkalusugan na dapat isaisip at isagawa sa pag-aalaga ng hayop.



## PAGTATAYA

Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa kuwadernong sagutan.

- Ano-ano ang mga hayop na maaaring alagaan sa bahay? Bakit?

- Ano ang kapakinabangang makukuha ng mag-anak sa pag-aalaga ng hayop sa bahay?



**Kung nasagutan mo nang buong husay ang bahaging Pagtataya ng modyul, binabati kita! Maaari mo nang pag-aralan ang susunod na modyul.**